

Mula Hunyo 1, 2026, ang mga nagnanais magpatakbo ng negosyong pagbili ng tinukoy na scrap na metal ay kailangang magsumite ng abiso sa pulisya.

Mie Prefectural Police Headquarters - Community Safety Planning Division

Sakop ng patakaran

- Mga taong nagnanais magpatakbo ng negosyong pagbili ng tinukoy na scrap na metal.
- Ang mga nagpapatakbo na ng ganitong negosyo noong Hunyo 1, 2026 ay kailangan ding magsumite ng abiso.

Paraan ng pagsusumite ng abiso sa pagsisimula

- Para sa bawat lugar ng negosyo, magsumite ng abiso sa istasyon ng pulisya na may hurisdiksyon sa lokasyon nito.
- Kung may maraming lugar ng negosyo sa loob ng prefecture, maaaring pagsama-samahin ang pagsusumite sa isang istasyon ng pulisya.

Takdang araw ng pagsusumite

- Hanggang sa araw bago simulan ang negosyo.
- Ang mga nagpapatakbo na ng negosyo noong Hunyo 1, 2026 ay dapat magsumite hanggang Agosto 31, 2026.

Kinakailangan ding ilagay ang impormasyong ito sa website, maliban kung lima o mas kaunti ang mga empleyado ng negosyo, o kung ang nagpapatakbo ng negosyong bumibili ng mga tinukoy na basurang metal ay walang website na kanyang pinamamahalaan.

Paalala sa mga magsusumite ng abiso

- Ang mga nagsumite ng abiso ay kailangang magpakita, sa bawat lugar ng negosyo at sa lugar na madaling makita ng publiko, ng impormasyon tulad ng pangalan o pangalan ng negosyo at numero ng abiso (tingnan ang likod na bahagi).

Mga tungkulin ng nagpapatakbo ng negosyong pagbili ng tinukoy na scrap na metal

- Kumpirmahin ang pagkakakilanlan ng nagbebenta at gumawa ng talaan ng pagkumpirma ng identidad.
- Gumawa ng talaan ng transaksyon.
- Iulat sa pulis kung may hinala na ang tinukoy na scrap na metal na binibili ay nakaw o katulad nito.

Ano ang tinukoy na scrap na metal?

- Ito ay scrap na metal na binubuo ng tinukoy na metal (*1), kung saan ang tinukoy na metal ay kalahati o higit pa ng kabuuang timbang o halaga (*2).
- Halimbawa: kawad na tanso, plakang tanso at metal na tubo.
- *1 Noong Hunyo 1, 2026, tanso lamang ang sakop.
- *2 Hindi kasama ang tira o putol na materyales na nagmumula sa proseso ng paggawa at mga bagay na itinuturing na secondhand goods.

Kontak

- Community Safety Planning Division, Mie Prefectural Police Headquarters Mie (Mieken Keisatsu Honbu Seikatsu Anzen Kikaku-ka - 三重県警察本部生活安全企画課): 059-222-0110 (extensions 3023 at 3024).
- O ang Community Safety Division ng bawat istasyon ng pulisya sa prefecture (Seikatsu Anzen Keiji-ka 生活安全刑事課 - Community Safety and Criminal Investigation Division).

別記様式第 1 号

特定金属くず買受業者

開始届出書を提出した 公安委員会	公安委員会
届 出 番 号 等	第 号
氏 名 又 は 名 称	
営業所の名称	

備考

- 1 この様式は、特定金属くず買受業を営む者が営業所に表示する氏名等の様式とする。
- 2 文字及び枠線の色彩は黒色、地の色彩は白色とする。
- 3 用紙の大きさは、日本産業企画 A 4 とする。